# Mga Panloloko sa Bakuna sa COVID-19



Sa tuwing may krisis sa kalusugan, ang mga manloloko (scammers) ay hahanap ng paraan para dayain ang mga tao sa kanilang mga pera. Sa panahon ng pandemyang coronavirus, sinasamantala nila ang takot, pagkabalisa, at kalituhan tungkol sa COVID-19. Nagbebenta sila ng mga bagay na hindi gumagana, naniningil ng pera para sa mga bagay na libre, at nagnanakaw ng personal na impormasyon.

**Tinatarget ng mga scammers ang mga lokal na residente gamit ang bagong pakana na may kaugnay sa bakuna. Mag-ingat!**

## Kung may taong nagbebenta sa iyo ng isang appointment para mabakunahan, isa itong panloloko (scam).

- Habang limitado ang mga supply ng bakuna, ang bakuna ay iniaalok sa mga grupo ng tao sa magkakaibang panahon. Bisitahin ang VaccinateLACounty.com para makita kung aling grupo ka, at kung kailan ka aalukin ng bakuna.
- Kung ikaw ay nasa grupo na kasalukuyang inaalok ng bakuna, makipag-usap sa iyong doktor o bisitahin ang VaccinateLACounty.com para gumawa ng appointment. Ang mga indibidwal na walang akses sa internet o nangangailangan ng tulong ay maaaring tawagan ang 1-833-540-0473 sa pagitan ng 8am-8:30pm para sa tulong sa paggawa ng appointment.
- **Walang "listahan ng naghihintay sa bakuna" ("vaccine waiting list") at hindi ka makakapagbayad para makakuha ng appointment**.

## Kung may taong nag-aalok na bentahan ka ng isang bakuna, kunan ka ng espesyal, murang kasunduan, o ikuha ka ng bakuna sa hindi pangkaraniwang paaran, ito ay isang scam.

**Ang bakuna sa COVID-19 ay ibibigay ng walang gastos at *hindi alintana ang kalagayan ng imigrasyon*.**

- Hindi ka sisingilin o kahating magbabayad (co-pay) para makatanggap ng isang bakuna sa COVID-19. Ang doktor o parmasya ay maaaring maningil para sa pagbibigay ng bakuna, ngunit ito ay dapat na bayaran ng mga pampubliko at pridadong kumpanya ng seguro (private insurance companies). Ang mga taong walang seguro sa kalusugan (health insurance) ay maaaring makakuha ng mga bakuna sa COVID-19 ng libre.
- HINDI ka tatanungin tungkol sa iyong kalagayan ng imigrasyon kapag ikaw ay kumuha ng isang bakuna sa COVID. Ang iyong medikal na impormasyon ay pribado. Hindi pinahihintulutan ang iyong doktor na ibahagi ito sa mga opisyal ng imigrasyon.
- Bisitahin ang Tanggapan ng mga Gawaing Imigrante pahina ng COVID-19 ng Los Angeles County para sa mga update sa COVID-19 para sa mga imigranteng residente.

## Kung makakatanggap ka ng isang alok na bumili ng bakuna at ipinadala ito sa iyo ng direkta, isa itong scam.

- Walang mga "sikretong" mapagkukunan ng isang bakuna na maaaring bilihin. Kung may anumang bagay na ipinadala, hindi ito magiging tunay.

## Ang mga scammers ay nasa lahat ng lugar.

Ang mga scammers ay nagtatrabaho online, sa social media, o sa kalye. Maaari silang tumawag, magtext, magmensahe, o mag-email sa iyo. Maaari ka pa nga nilang lapitan sa kalye o kumatok sa iyong pinto na nag-aalok ng isang bakuna o appointment para mabakunahan.

## Magbantay para sa mga PULANG BANDERA (red flags) na ito o mga babalang palatandaan o sensyales na maaaring scam ang isang bagay.

- Ikaw ay kinontak at sinabihang tumugon agad-agad gamit ang iyong personal o pinansyal na impormasyon. Maaaring ito ay iyong Social Security, account ng bangko o numero ng credit card, mga detalye ng Medi-Cal o Medicare. HUWAG KAILANMAN ibahagi ang mga ito o iba pang personal na impormasyon.
- Nakatanggap ka ng isang alok na bumili ng bakuna, at ipadala sa iyo ito ng koreo. Walang mga "sikretong" mapagkukunan ng bakuna na maaaring bilihin. Kung may anumang bagay na ipinadala, hindi ito ang tunay na bakuna.
- Nakakakita ka ng mga patalastas para sa mga pekeng bakuna o "milagrosong lunas" ("miracle cures") gamit ang mga bitamina o pandagdag diyeta. Ipino-promote ng mga scammers ang mga ito kahit na hindi pa napapatunayan na gumagana. Ang FDA ay nakapaglabas na ng mga babalang sulat sa maraming kumpanya para sa pagbebenta ng mga produkto na nagpapahayag na pumipigil, gumagamot, o lumulunas sa COVID-19.

# Mga Panloloko sa Bakuna sa COVID-19

**Kung may sinumang hindi kilala sa iyong komunidad (tulad ng isang doktor, isang klinika sa pangangalagang pangkalusugan, isang parmasya, isang programa sa kalusugan ng county) na nag-aalok sa iyo ng bakuna – mag-isip ng dalawang beses. Bisitahin ang VaccinateLACounty.com o itsek sa iyong doktor.**

**Huwag hayaang manalo ang mga scammers!**

## Kumuha ng Tulong

- **Maghanap ng isang doktor:** tawagan ang 2-1-1, ang LA County linya ng impormasyon, o bisitahin ang 211LA website.
- **Humanap ng mga yaman tulad ng mga pagkain, gamot, at iba pang mga kinakailangang gamit:** tawagan ang 2-1-1 o bisitahin ang 211LA website, o ang resource webpage ng Pampublikong Kalusugan.
- **Iulat ang isang posibleng scam sa COVID-19 at kumuha ng tulong sa pagsubok na bawiin ang iyong pera:** makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Usapin ng Mamimili at Negosyo ng Los Angeles County (LA County Department of Consumer and Business Affairs [DCBA]): dcba.lacounty.gov o 800-593-8222.
- **Iulat ang mga kahina-hinalang pagpapahayag na ginawa tungkol sa bakuna, pagsuri o paggamot na mga produkto :** iulat sa FTC sa ftc.gov/complaint

## Manatiling napapanahon – gamit ang mapagkakatiwalaang impormasyon

Mag-ingat sa mga pekeng balita at panlilinlang pati na rin ang mga scam sa COVID-19

**Bakuna sa COVID-19**

- Bisitahin ang VaccinateLACounty.com at mag-sign up para sa **COVID-19 Vaccine Email Newsletter**

**COVID-19**

- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/media/Coronavirus, mag-sign up para sa mga press release, o sundan kami sa @lapublichealth
- Bisitahin ang COVID-19 webpage ng County covid19.lacounty.gov
- Itsek ang website ng CDC www.cdc.gov/coronavirus

**Mga Alerto sa Scam**

Manatiling napapanahon sa mga pinakabagong scam at pag-iingat na dapat mong gawin at ng iyong pamilya.

- Matutunan ang tungkol sa mga kamakailang scam mula sa mga alerto ng konsyumer ng Los Angeles Consumer and Business Affairs
- Bisitahin ang Tanggapan ng mga Gawaing Imigrante COVID-19 ng Los Angeles County
- Mag-sign up para sa American Association of Retired Persons (AARP) Bantay Alerto sa Pandaraya
- Mag-sign up para makatanggap ng mga alerto ng konsyumer ng Federal Trade Commission

**Matutunan ang iba pang karaniwang Scam at Pandaraya sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagbisita sa ph.lacounty.gov/hccp/covidscams.**



County of Los Angeles Public Health